# Mga Kinakailang ng Pagtawag ng Diyos Yugto 35
# Paano Panatilihin ang Iyong mga Nagawa

"1 At nangyari, nang matatag ang kaharian ni Roboam at siya'y malakas, na kaniyang iniwan ang kautusan ng Panginoon, at ang buong Israel ay kasama niya. 2At nangyari nang ikalimang taon ng haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem, sapagka't sila'y nagsisalangsang laban sa Panginoon, 3Na may isang libo at dalawang daang karo, at anim na pung libong mangangabayo. At ang bayan ay walang bilang na naparoong kasama niya mula sa Egipto; ang mga Lubim, ang mga Sukim, at ang mga taga Etiopia. 4At sinupok niya ang mga bayang nakukutaan na nauukol sa Juda, at naparoon sa Jerusalem. 5Si Semeias nga na propeta ay naparoon kay Roboam, at sa mga prinsipe ng Juda, na pagpipisan sa Jerusalem dahil kay Sisac, at nagsabi sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, Inyo akong pinabayaan, kaya't iniwan ko naman kayo sa kamay ni Sisac. 6Nang magkagayo'y ang mga prinsipe ng Israel at ang hari ay nagpakababa; at kanilang sinabi, Ang Panginoon ay matuwid.8 At nang makita ng Panginoon na sila'y nangagpakumbaba, ang salita ng Panginoon ay dumating kay Semeias, na sinasabi, Sila'y nangagpakumbaba; hindi ko gigibain sila: kundi aking bibigyan sila ng kaunting pagliligtas, at ang aking galit ay hindi mabubugso sa Jerusalem sa pamamagitan ng kamay ni Sisac. 8Gayon ma'y sila'y magiging kaniyang alipin; upang kanilang makilala ang paglilingkod sa akin, at ang paglilingkod sa mga kaharian ng mga lupain.9 Sa gayo'y umahon si Sisac na hari sa Egipto laban sa Jerusalem, at dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniyang kinuhang lahat: kaniyang kinuha pati ng mga kalasag na ginto na ginawa ni Salomon. 10At ang haring Roboam ay gumawa ng mga kalasag na tanso na kahalili ng mga yaon, at ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga punong kawal ng bantay, na nagsisipagingat ng pintuan ng bahay ng hari. 11At nangyari, na kung gaanong kadalas pumapasok ang hari sa bahay ng Panginoon, ang bantay ay naparoroon at dinadala ang mga yaon, at ibinabalik sa silid ng bantay. 12At nang siya'y magpakumbaba, ang galit ng Panginoon ay nahiwalay sa kaniya, na anopa't siya'y hindi lubos na pinatay: at bukod dito'y may nasumpungan sa Juda na mga mabuting bagay.13 Sa gayo'y ang haring Roboam ay nagpakalakas sa Jerusalem at naghari: sapagka't si Roboam ay may apat na pu't isang taon nang siya'y magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing pitong taon sa Jerusalem, na bayang pinili ng Panginoon sa lahat na lipi ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. 14At siya'y gumawa ng masama, sapagka't hindi niya inilagak ang kaniyang puso na hanapin ang Panginoon.15 Ang mga gawa nga ni Roboam, na una at huli, di ba nangasusulat sa kasaysayan ni Semeias na propeta at ni Iddo na tagakita, ayon sa ayos ng mga talaan ng lahi? At nagkaroong palagi ng mga digmaan si Roboam at si Jeroboam. 16At si Roboam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang at nalibing sa bayan ni David: at si Abias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya." (2 Cronica 12:1-16)

Ating napagaralan kung paanong si Roboam at ang kanyang bayan na kasama niya ay nagsumikap sa loob ng tatlong taon upang itayo ang inilagay ng Diyos at itinatag sa kanilang mga kamay pagkatapos ng pagkakabahagi ng sampung angkan mula sa Juda. Sa mensaheng ito ating pag-aaralan mula sa mga pakana ni Roboam kung paano natin mapapanatili ang ating mga nagawa.

1. Iwasan ang kalamigan ng loob at ang yugto ng panlalamig at pagtalikod pagkatapos ng pagpapatibay sa iyo ng Diyos: Si Roboam at kanyang bayan na kasama niya na nagsumikap sa loob ng tatlong taon upang itayo ang inilagay at itinatag sa kanyang kamay. "At nangyari, nang matatag ang kaharian ni Roboam at siya'y malakas, na kaniyang iniwan ang kautusan ng Panginoon, at ang buong Israel ay kasama niya." (2 Cronica 12:1) Si Roboam at ang mga taong kasama niya pagkatapos nilang itinatag sinimulan nilang iniwan ang Panginoon sa pag-iwan sa Kanyang kautusan. Ito ay hindi makakatulong sayo at hindi makakagawa ng mabuti sayo kapag ginawa mo ang ganitong bagay. Huwag maliitin ang biyaya ng Diyos at ang kabutihan ng Diyos patungo sayo.

2. Maging matiyaga sa pagsisikap na maglingkod sa Diyos at mamuhay para sa Kanya. Ang tatlong taon na magtiyagang pagtatrabaho na si Roboam at ang ang mga taong nasangkot, ay nasundan ng dalawang taon na pagtalikod sa espirituwal. Ang ilan sa mga tao ay mabuti lamang kapag sila ay nasa kaguluhan, ngunit kapag sila ay naginhawaan na sa gayon hindi na nila gagawin ang mabuti. Ang ganoong uri ng mga tao ay hindi papayagan ng Diyos. Hindi papahintulutan ng Diyos ang mga tao na nanatili lamang sa pagdaan sa antas. Ang pagdaan sa antas ng Diyos ay kabuuan at matiyagang pagtatalaga. Ang ganoong uri ng mga tao ay walang kamalayan sa

Diyos, kundi may kamalayan lamang sa mga kaguluhang dumarating. Ilagay palagi sa iyong isipan na anumang panahon ng pagpapahinga at kawalan ng pangako ay magtatapos ng panibagong kaguluhan sa iyong buhay.

3. Iwasan at kamuhian ang mga kasalanan gaya ng pagkamuhi ng Diyos sa mga ito: “2 At nangyari nang ikalimang taon ng haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem, sapagka't sila'y nagsisalangsang laban sa Panginoon,” (2 Cronica 12:2) Ang tanong ay, ‘Bakit at paano sila lumabag laban sa Panginoon?’ Ating basahin ang sinalita ng Bibliya ng higit tungkol sa buhay ni Haring Roboam: “21 At si Roboam na anak ni Salomon ay naghari sa Juda. Si Roboam ay apat na pu't isang taon nang siya'y magpasimulang maghari, at siya'y naghari na labing pitong taon sa Jerusalem, na bayan na pinili ng Panginoon sa lahat ng mga lipi ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. 22At gumawa ang Juda ng masama sa paningin ng Panginoon, at kanilang minungkahi siya sa paninibugho sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan na kanilang nagawa, na higit kay sa lahat na ginawa ng kanilang mga magulang, 23Sapagka't sila'y nagsipagtayo naman para sa kanila ng mga mataas na dako, at ng mga haligi, at ng mga Asera, sa bawa't mataas na burol, at sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy; 24At nagkaroon din naman ng mga sodomita ang lupain: sila'y nagsigawa ng ayon sa lahat na karumaldumal ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ng Israel.25 At nangyari, nang ikalimang taon ng haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem: 26At kaniyang dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniya ngang dinalang lahat: at kaniyang dinala ang lahat na kalasag na ginto na ginawa ni Salomon. 27At ang haring Roboam ay gumawa ng mga kalasag na tanso na kahalili ng mga yaon, at ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga punong kawal na bantay, na nagiingat ng pintuan ng bahay ng hari. 28At nangyari, na pagka nanasok ang hari sa bahay ng Panginoon, ay dinadala ng bantay, at ibinabalik sa silid ng bantay.29 Ang iba nga sa mga gawa ni Roboam at ang lahat na bagay na kaniyang ginawa, hindi ba nasusulat sa aklat ng mga alaala sa mga hari sa Juda? 30At nagkaroong palagi ng pagdidigmaan si Roboam at si Jeroboam. 31At si Roboam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa bayan ni David: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. At si Abiam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.” (1 Hari 14:21-31)

Si Roboam at ang mga tao kasama niya ay gumawa ng sumusunod na mga masasama: “22At gumawa ang Juda ng masama sa paningin ng Panginoon, at kanilang minungkahi siya sa paninibugho sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan na kanilang nagawa, na higit kay sa lahat na ginawa ng kanilang mga magulang, 24At nagkaroon din naman ng mga sodomita ang lupain: sila'y nagsigawa ng ayon sa lahat na karumaldumal ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ng Israel.” (1 Hari 14:22-24) Sila’y nagtayo at naglaan hindi lamang sa hindi kapaki pakinabang na mga bagay kundi sa mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos at nakakapinsala, at sa ganitong paraan minungkahu nilang manibugho ang Diyos sa kanila at sa ganitong paraan dinagdagan nila ang mga kasalanan ng kanilang mga magulang.

A. Sapagka't sila'y nagsipagtayo naman para sa kanila ng mga mataas na dako: Ang mataas na dako ay imitasyon ng templo ng Diyos at pinagbawalan ng Diyos ang mga tao sa pagsamba sa mga ito. Sila ay may malawakang anyo ng pagsamba kung saan kinakailangan nilang pumunta sa loob ng templo ng Diyos sa Jerusalem sa ilalim ng pangangasiwa ng mga pari at hindi sa ibang dako. Ang mga tao ay pumupunta sa mataas na dako upang gawin ang kanilang kagustuhan at hindi sinasabi upang suriin ng mga pari sa templo. Sa mataas na dako, ginagawa nila ang kanilang gusto at inillaan ang kanilang mga kayamanan labag sa kalooban ng Diyos. Maraming mga Kristyano ang dumadalo sa pagsamba sa simbahan sa katapusan ng lingo ngunit sa natitirang mga araw ginagawa nila ang kanilang gusto sa mataas na dako at ang mga namumuno ng simbahan ay nanatiling tahimik tungkol dito sa takot sa pagkawala ng kanilang mga kasapi. Ang paglalaan sa mga bagay na itinalaga ng Diyos ay magtatapos sa paghina ng indibiduwal, ang pamilya at sa huli ang simbahan. Kaya naman maraming mga pamilya at simbahan ay nasa pagkakautang.

B. Ang mga haligi at ng mga Asera, sa bawa't mataas na burol: Ang mga haliging ito at mga pigura na kanilang hinahangaan, pinapalamutihan, at inilagak ang kanilang pagtitiwala doon, sa halip ng paglalagak ng kanilang pagtitiwala sa Panginoon, o sa Kanyang Salita at mga utos. Inilaan nila ang lahat sa mga bagay na ito sa halip ng paglalaan at pagtatalaga sa kung anong mayroon sila sa Diyos. Tayo bilang simbahan ay dapat maging mataktika

at mapagkilala para siraan at alisin ang mga dios diosan sa buhay ng mga tao; kailangan nating lipulin ang mga dios diosan na kinkapitan nila, at mga idolong pinanghahawakan nila ng walang paglalagay una sa Diyos.

C. at sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy; "Huwag kang magtatanim sa iyo ng Asera ng anomang kahoy sa siping ng dambana ng Panginoon mong Dios, na gagawin mo para sa iyo." (Deutronomio 16:21) Ang mga punong kahoy ay hardin na tinaniman ng mga halaman sa palibot ng altar upang pagandahin ang mga ito upang gawin ang lugar na sambahan na mas nakakaakit sa pandama. Sa ngayon, ang pagkain, mga kasiyahan, nakakaakit na musika at damit, makamundong tunog ng musika ay ginamit ng simbahan, detalyadong ilaw, laser, at epekto ng tunog ay ginamit ng mga simbahan upang akitin at umakit sa sensualidad ng mga tao. Ilan sa mga simbahang ito ay kagaya ng mga disco. Hindi gusto ng Diyos na ang mga tao ay pumunta sa Kanya dahil sa kanilang kaugnayan sa kahalayan, kundi hinahanap Niya ang totoong mga mananambahan na sasamba sa Kanya sa espíritu at sa katotohanan at maging malapit sa Kanya para sa Kanyang Salita. Ang pananagutan ay nakalagay sa ating mga kamay.

D. At nagkaroon din naman ng mga sodomita (Homosexeuals) ang lupain: Ang mga Homosexual ay nasa lupain din. Ang Homosexualidad ay hindi lamang isang kasalanan gaya ng pangangalunya, pagnanakaw, o pagsamba sa dios diosan, kundi ito ay isang karumal dumal. "Huwag kang sisiping sa lalake ng gaya sa babae: karumaldumal nga." (Levitico 18:22) Minana at hindi makatao (sumiping sa mga hayop) ay iba pang karumal dumal na nabanggit sa Levitico 18. Pagbebenta ng buhay ng iyong mga anak sa diablo at pagpapalakad sa kanila sa pamamagitan ng apoy at pagsira sa kanilang buhay sa hindi makadiyos na mga pagsasagawa at mga kasalanan ay isa pang karumal dumal. "Huwag mong gagawing gayon sa Panginoon mong Dios: sapagka't bawa't karumaldumal sa Panginoon, na kaniyang kinapopootan, ay kanilang ginagawa sa kanilang mga dios; sapagka't pati ng kanilang mga anak na lalake at babae ay kanilang sinusunog sa apoy sa kanilang mga dios." (Deutronomio 12:31)

Mayroon ding mga sodomita (Homosexuals) sa lupain, at ating ilagay sa ganitong paraan, mayroon din (homosexuals) sa lupain: Ibig sabihin kanilang kinukunsinti ang kasalanan ng kasalanang ito at sila'y hindi nababahala o nagagambala sa mga ito. Ang kasuklam suklam ay anumang bagay na nagdudulot ng pagkasuklam at pagkamuhi sa isang bagay na kinasusuklaman o kinapopootan. Kapag ang mga tao ay tinanggap na mabuhay sa kasalanan ng walang pagkamuhi dito, ito ay ang panahon ng galit at paninibugho ng Diyos na mag-aalab laban sa kanila. "21 Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonio. 22O minumungkahi baga natin sa paninibugho ang Panginoon? tayo baga'y lalong malakas kay sa kaniya?" (! Corinto 10:21-22) Sinabi ni Jesus sa mga Fariseo na mga sakim at nanaghili gaya ng sumusunod: "At sinabi niya sa kanila, Kayo ang nangagaaring-ganap sa inyong sarili sa paningin ng mga tao; datapuwa't nakikilala ng Dios ang inyong mga puso; sapagka't ang dinadakila ng mga tao ay kasuklamsuklam sa paningin ng Dios." (Lucas 16:15) Mayroong mga bagay na gusto mo o hinahangad mo, ngunit hindi mo nalalaman na ito ay kasuklam suklam sa paningin ng Diyos. Sa gayon, maging may kamalayan kung paano lumakad sa Diyos at maging masigasig para umiwas sa kasalanan, at gawin ang mga bagay na makakalugod sa Kanya, at Siya ang magpapala sayo at magdaragdag sayo, "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mateo 6:33)

E At sila'y nagsigawa ng ayon sa lahat na karumaldumal ng mga bansa na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ng Israel: Kapag ang bayan ng Diyos ay gumawa ng ganitong mga bagay gaya ng mga hindi nanampalataya o kahit ang pinakamasamang mga bagay, sa gayon ito ang panahon sa Diyos upang iunat ang Kanyang pamalo sa pagdidisiplina patungo sa gayong mga tao at kukunin sa kanila ang ibinigay Niya sa kanila.
Ginawa ng Diyos ang sumusunod upang disiplinahin ang Kanyang bayan: "2 At nangyari nang ikalimang taon ng haring Roboam, na si Sisac na hari sa Egipto ay umahon laban sa Jerusalem, sapagka't sila'y nagsisalangsang laban sa Panginoon,3 Na may isang libo at dalawang daang karo, at anim na pung libong mangangabayo. At ang bayan ay walang bilang na naparoong kasama niya mula sa Egipto; ang mga Lubim, ang mga Sukim, at ang mga taga Etiopia. 4At sinupok niya ang mga bayang nakukutaan na nauukol sa Juda, at naparoon sa Jerusalem." (2 Cronica 12:2-4) Ang ibig sabihin ng Sisac ay "sakim sa pinong lino". Ipapadala ng Diyos ang ilang sakim upang disiplinahin ang Kanyang bayan at ang Kanyang simbahan upang magawa nilang mapagtanto na hindi nila dapat ilaan ang ibinigay ng Diyos sa kanila sa masamang mga bagay. Ang mga parusa sa ekonomiya, multa, pagkalugi,

pandemya at pagnanakaw ay ilan sa mga paraan na ginamit ng Diyos upang disiplinahin ang Kanyang simbahan at ang Kanyang bayan na nagwaldas sa ibinigay NIya sa kanilang paghahangad sa kamunduhan sa mataas na dako. “Sa gayo'y umahon si Sisac na hari sa Egipto laban sa Jerusalem, at dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniyang kinuhang lahat: kaniyang kinuha pati ng mga kalasag na ginto na ginawa ni Salomon.” (2 Cronica 12:9) Ang bayan ng Diyos ay humarap sa kahirapan nang sila ay nagtapos sa paggawa ng karumal dumal sa paningin ng Diyos. Ang uri ng kadukhaan at kahirapan ay dulot ng kasalanan at kaibahan mula sa ibang anyo ng karukhaan. Nang ang mga kayamanan ni Roboam ay nawala, pinalitan niya ang kalasag na ginto na kinuha ni Sisac ng kalasag na tanso. Ito ay walang magagawa sa mabuting pamamahala na may patungkol sa pagiipon, ngunit siya ay napilitang palitan ng tanso dahil sa kahirapang kalagayan. Ingatan natin ang puntong ito sa ating isip, na kung tayo ay hindi kikilos ng mabuti, sa gayo’y maghihintay lamang tayo sa Sisac na dumating sa atin at kunin ang lahat ng bagay sa atin. Ngunit kung tayo ay matatakot sa Diyos at mabubuhay para sa Kanya, sa gayon, kahit na tayo ay nilulusob ng mga kaaway katulad ni Sisac, ang ating mga kayamanan ay iingatan ng Diyos na mayroon tayong takot at pagpaparangal, sa pagpapahalaga sa mga bagay na ibinigay Niya sa atin, pagpapahalaga sa Kanyang Salita at Kautusan.

4. Ingatan ang paliwanag na ipinadala sa iyo ng Diyos para ipaliwanag ang mga sanhi ng tunay na kalagayan na iyong pinagdaraanan: “5 Si Semeias nga na propeta ay naparoon kay Roboam, at sa mga prinsipe ng Juda, na pagpipisan sa Jerusalem dahil kay Sisac, at nagsabi sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, Inyo akong pinabayaan, kaya't iniwan ko naman kayo sa kamay ni Sisac.” (2 Cronica 12:5) Si Roboam at ang mga taong kasama niya ay nagpisan sa Jerusalem, at iyon ay kumatawan sa simbahan sa Bagong Testamento; ipinadala ng Diyos ang Kanyang mensahe sa pamamagitan ni Semeias ang propeta na nagsabi sa kanila ng malinaw, “Inyo akong pinabayaan, kaya't iniwan ko naman kayo sa kamay ni Sisac.” * Kapag iniwan mo ang Diyos, sa gayon iiwanan ka ng Diyos. * Kaya maging mangagpasalamat na inilagay ka ng Diyos sa Kanyang simbahan at naglagay ng mga lalaki ng Diyos upang gabayan ka at ituwid ka sa daan na dapat mong lakaran. Ito ang mga taong ito ang magtutuwid sa iyo kapag ikaw ay nagkamali sa iyong mga paraan, sa gayon ingatan ang kanilang mga utos.

5. Magpakumbaba at tanggapin ang iyong mga kasalanan: “6 Nang magkagayo'y ang mga prinsipe ng Israel at ang hari ay nagpakababa; at kanilang sinabi, Ang Panginoon ay matuwid.” (2 Cronica 12:6) Ang poot ng Diyos ay mawawala sa iyo kapag tinanggap ang ginawa ng Diyos at iyo ay bunga ng iyong napaka kasalanan. Huwag nangagaaring-ganap ang iyong sarili at magbigay ng mga dahilan upang linisin ang iyong panig. Ang paghihimagsikat walang kagustuhan na magpakumbaba ay hindi makakaginhawa sa iyong buhay mula sa miserableng kalagayan. Nang si Roboam ay nagpakumbaba sa Diyos ay nagpabuti ng sakuna, “7 At nang makita ng Panginoon na sila'y nangagpakumbaba, ang salita ng Panginoon ay dumating kay Semeias, na sinasabi, Sila'y nangagpakumbaba; hindi ko gigibain sila: kundi aking bibigyan sila ng kaunting pagliligtas, at ang aking galit ay hindi mabubugso sa Jerusalem sa pamamagitan ng kamay ni Sisac.” (2 Cronica 12:7) Ngunit bilang bunga ng kanilang mga kasalanan ipinahintulot ng Diyos ang kanilang mga kayamanan ay makuha. “8 Gayon ma'y sila'y magiging kaniyang alipin; upang kanilang makilala ang paglilingkod sa akin, at ang paglilingkod sa mga kaharian ng mga lupain.9 Sa gayo'y umahon si Sisac na hari sa Egipto laban sa Jerusalem, at dinala ang mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniyang kinuhang lahat: kaniyang kinuha pati ng mga kalasag na ginto na ginawa ni Salomon.” (2 Cronica 12:8-9) Kapag ikaw ay tumanggi na maglingkod sa Diyos sa itinalagang paraan, ibibigay ka ng Panginoon sa iyong mga kaaway, upang iyong matuklasan ng iyong sarili ang kahalagahan ng paglilingkod sa Diyos, kaysa sa paglilingkod sa mga tao. Ang paglilingkod sa Diyos ng may kasigasigan, sa itinalagang paraan gaya ng iniutos sa iyo ng Simbahan ng Diyos.

6. Magsisi at hindi lamang magpakumbaba: Si Roboam at ang ang taong kasama niya sila’y nagpakumbaba sa harap ng Diyos at tinanggap ang kanilang kamalian ngunit sila ay hindi nagsisi. Hindi nila binago ang kanilang kaisipan upang baguhin ang kanilang mga paraan. ““8 Gayon ma'y sila'y magiging kaniyang alipin; upang kanilang makilala ang paglilingkod sa akin, at ang paglilingkod sa mga kaharian ng mga lupain.” (2 Cronica 12:8) Ipinahintulot din ng Diyos sa kanila na mapasailalim sa pagkaalipin kay Sisac sapagkat hindi sila nagdedesiyong para isuko ang kanilang sariling mga kasalanan at maling paraan ng buhay. Kung sila ay nagsisi hindi ipapahintulot ng Diyos sa kanila na maging alipin at kontrolin ng isang sakim na tao o ng mga taong sakim. Ito ang uri ng pagtalikod kung saan makikita mo ang kababaang loob na hinaluan ng walang kagustuhan baguhin ang kanilang mga maling paraan ng buhay at pamumuhay.  Sa panlabas na mga bagay ay magiging maayos ngunit ang

mga tao ay nasa pagkaalipin, at walang kaginhawaan sapagkat sila'y walang pagsisisi. "12 At nang siya'y magpakumbaba, ang galit ng Panginoon ay nahiwalay sa kaniya, na anopa't siya'y hindi lubos na pinatay: at bukod dito'y may nasumpungan sa Juda na mga mabuting bagay." (2 Cronica 12:12) Ang pangyayari kay Sisac ay nangyari noong ika lima ng taon ng paghahari ni Haring Roboam ngunit ipinagpatuloy niya ang kanyang buhay ng walang lubos na pagbabago o pagsisisi hanggang siya ay namatay: "13 Sa gayo'y ang haring Roboam ay nagpakalakas sa Jerusalem at naghari: sapagka't si Roboam ay may apat na pu't isang taon nang siya'y magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing pitong taon sa Jerusalem, na bayang pinili ng Panginoon sa lahat na lipi ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita." (2 Cronica 12:13) Ang Diyos ay hindi katulad ng isang malahininga na Kristyano na mamumuhay sa gitna ng kasalanan, "Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. 17Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad: 18Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita." (Pahayag 3:16-18) Hindi gustpo ng Diyos ang isang malahiningang Kristiyano sapagkat sila makakaapekto sa Kanyang simbahan gaya ni Roboam at ang mga tao kasama niya na nakaapekto sa patotoo ng Jerusalem.

7. Iwasan ang pag-aasawa sa hindi mananampalataya sapagkat iyon ay magdudulot ng tuloy-tuloy na pagtalikod: Ang ina ni Roboam ay isang Ammonita at iyon ang maaaring dahilan ng nag-ambag sa tuloy-tuloy na pagtalikod, "Sa gayo'y ang haring Roboam ay nagpakalakas sa Jerusalem at naghari: sapagka't si Roboam ay may apat na pu't isang taon nang siya'y magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing pitong taon sa Jerusalem, na bayang pinili ng Panginoon sa lahat na lipi ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita." (2 Cronica 12:13) Huwag mag-asawa sa hindi mananamplataya at huwag mag-asawa sa hindi inihanda sa iyo ng Diyos. Maghintay sa Diyos at ibibigay Niya sa iyo ang angkop na makakatulong na angkop para sayo.

8. Umiwas mula sa paggawa ng masama: "14 At siya'y gumawa ng masama, sapagka't hindi niya inilagak ang kaniyang puso na hanapin ang Panginoon." (2 Cronica 12:14) Iwasan ang lahat ng uri ng masama at mga kasalanan. "Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama." (1 Tesalonica 5:22)

9. Ilagak ang iyong puso upang hanapin ang Panginoon: ""14 At siya'y gumawa ng masama, sapagka't hindi niya inilagak ang kaniyang puso na hanapin ang Panginoon." (2 Cronica 12:14) Si Roboam ay initusan ni Semeias ang propeta, at kasama si Iddo ang tagapagkita, ngunit siya ang kanyang sarili ay hindi hinanap sa Panginoon at tuklasin ang katotohanan at ang mag paraan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang sarili. Ang mga tao na nakikinig sa Salita ng Diyos, sila'y hindi mahihikayat ng lubos na gawin hanggang matuklsan nila ang katotohanan ng kanilang sarili, at sa ganitong kadahilanan kailangan nilang italaga ang kanilang puso upang hanapin ang Diyos. Kailangan mong hanapin ang Diyos ng iyong sarili, upang makita ang kababalaghan sa Kanyang Salita, upang makita mo ng malinaw ang iyong mga kasalanan, upang ikaw ay bumalik sa Diyos sa pagsisisi at simulang maglingkod sa Kanya sa isang itinalagang paraan. Sa paghahanap sa katotohanan ay maglalagay sa harapan mo ng tunay na mga utos para maglingkod sa Diyos at magdala sayo sa buong pagtatalaga sa Kanya.

10. Palaging hanapin ang Diyos at maglingkod sa Kanya ng buong puso at ililigtas ka Niya sa lahat ng iyong mga kaaway. Si Roboam ay nilusob ni Sisac, at gaya ng naipaliwanag kanina ang kahulugan ng Sisac ay "sakim sa pinong linen". Kaya ang nakapalibot sayo ay mga taong sakim na sinasamantala ka. ang ibang kaaway na nasa harapan ni Roboam at Jeroboam ay nagpatuloy. "Ang mga gawa nga ni Roboam, na una at huli, di ba nangasusulat sa kasaysayan ni Semeias na propeta at ni Iddo na tagakita, ayon sa ayos ng mga talaan ng lahi? At nagkaroong palagi ng mga digmaan si Roboam at si Jeroboam." (2 Cronica 12: 15) At ang kahulugan ng Jeroboam ay "ang mga taong may pinaglalaban" o "ang mga tao ay makikipaglaban". Kaya ang mga tao din na nakapalibot sayo ay ginagamit ng diablo upang labanan ka. At ang kahulugan ng Roboam ay "isang taong lumaki". Kaya ang Diyos ay tinawag ka upang pagpalain ka at palawakin ka sa gayon kailangan mong patuloy na hanapin Siya. Samakatuwid patuloy na hanapin Siya, na poprotekta sayo mula sa lahat ng iyong mga kaaway. Sa paghahanap sa Diyos ay

maglalagay sa gitna sa kalooban ng Diyos at tutulong sayo na palaging managumpay sa paglaban sa pakikibaka laban sa diablo ang ating kaaway.

11. Hayaan ang iyong buhay ay bukas sa mga nangunguna sayo sa Panginoon: “Ang mga gawa nga ni Roboam, na una at huli, di ba nangasusulat sa kasaysayan ni Semeias na propeta at ni Iddo na tagakita, ayon sa ayos ng mga talaan ng lahi? At nagkaroong palagi ng mga digmaan si Roboam at si Jeroboam.” (2 Cronica 12: 15) Si Roboam ay ginabayan sa espirituwal ni Semeias ang propeta at si Iddo ang tagapagkita. Ang ibig sabihin ng Semeias ay “narinig ni Jehovaj”, at Iddo ang ibig sabihin ay “Kanyang saksi” Sa gayon palibutan ang iyong sarili ng ganoong uri ng mga taong nagtalaga nang may takot sa Diyos at lumalakad sa Kanyang mga paraan, at makakatulong sayo at magbibigay ng kamay sa paggabay kapag ikaw ay nangangailangan.

12. Palaging ilagay sa iyong isip na kailangan mong ihanda ang susunod na saling lahi na maging handang manguna pagkatapos mo kapag ang iyong panahon ay natapos,: “At si Roboam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang at nalibing sa bayan ni David: at si Abias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.” (2 Cronica 12:16) Abias o Abiah o Abijah ang ibig sabihin ay “Jehovah ay (aking ama). Palaging ilagay sa iyong isip na kailangan mong ihanda ang susunod na saling lahi na maging handa na manguna pagkatapos ng iyong pagalis kapag ang iyong panahon ay natapos na.

Sa aking mahal at minamahal: “Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.” (Pahayag 3:19) Sinasaway ka ng Diyos sapagkat iniibig ka Niya at tinawag ka Niya upang makasama Siya sa walang hanggan. Kaya, magsikap at magsisi. Tanggapin ang disiplina at ang pagtutuwid ng Diyos at simulang hanapin ang Kanyang Salita para matuklasan ang katotohanan. Sanayin ang iyong sarili na ibigin ang katotohanan at isabuhay ito at itatag iyon sa iyong buhay, upang ang Kanyang presenya, ang Kanyang pagpapala, at ang Kanyang gantimpala ay mapapa sa iyo. “20Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko. 21Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. 22Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:20-22)

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa panagalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na nagbukas sa aking mga mata upang makita ang katotohanan. Panginoon aking ipinakumbaba ang aking sarili sa harap mo at tanggapin ang sumusunod na mga kamalian at kasalanan_____.

Tayo ay magsisi sa ating mga kasalanan.

Panginoon ako ay nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan ¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬¬___.

Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili na hanapin ka at ang katotohanan ng iyong salita, at isalapata ng lahat ng mga simulain ng mensaheng ito sa aking buhay para magpatuloy na makipagtulungan saong plano ng pagpapanumbalik. Panginoon ako’y nagtitiwala sa iyo na palalakasin mo ako at ibibigay ang lahat ng aking pangangailangan. Panginoon ako ay susunod sa lahat ng iyong iniutos sa akin sa iyong mensaheng ito na iyong iingatan ang lahat ng aking mabuting mga nagawa para sa iyo.

Panginoon ako’y nanalangin para sa aking mga kapatid na mga Lalake at Babse ns itinalaga ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon habang sila ay nagsisi, panumbalikin sila pabalik sa mabuting mga plano na mayroon ka sa kanila, at tulungan sila sa kanilang buhay at paglilingkod. Panginoon bigyan sila ng kalakasan at mabuting kalusugan upang patuloy namaglingkod sa iyo. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at pusposin sila ng ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang paglilingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at ipagkaloob sa amin ang espirituwal na mga kaloobna kailangan naming magpatuloy at gumawa ng mga disipolo sa lahat ng mga bansa. Panginoon paging dapatin kaming makapagebanghelyo at abutin ang nawawala at ang bagong lugar ng Ebanghelyo ni Jesus. Panginoon tulungan kami makapagtanim pa ng pag-aaral ng Bibliya at magbangon ng higit pang mga alagad upang maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming mga kailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong mga kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com.